

Ikatlong Mata

Allan Popa

Ikatlong Mata

Habang ipinaliliwanag ng giya
ang mekanismo ng Naglalahong Baril,

ang isa naming kasama tila may ibang
nakikita sa kahuyan. Ayon sa kanya,

may nagkukubli sa likod ng mga dahon
na hanay ng mga sundalong

hindi alam na matagal nang natapos
ang digmaan. Sinundan namin

ang kaniyang tingin. Wala kaming nakita.
Sadyang mahusay silang magtago.

Ngunit hindi rin daw nila kami nakikita.
Naglalaho marahil ang mundo

kung nakatutok lamang ang pansin sa kalaban
na inaabangan ngunit hindi kailanman

dumating. O dumating nang hindi namalayan.
Hindi siya kumibo nang tanungin ko

kung saan matatagpuan ang ikatlong mata.
Lumagos sa akin ang kaniyang tingin.

Pinilakang Tabing

Sa kaniyang mga pelikula
laging may tumitingala

Laging nasa likod ng kortina
ang pinagmumulan
ng liwanag

Laging may tabing:
mga dahon,
ulap

Na tila sinasabi

Huwag mo itong titigan
kung ayaw mong masilaw,
mabulag

Kung hindi ito basag-basag na
kislap na mapagmamasdan
sa ibabaw ng
dumadaloy na tubig

Huwag

Nasa likod ng rolyo ng pelikula
ang pinagmumulan ng liwanag
upang makita

ang pelikula
ang liwanag

Ilang Tala sa Museo

Sabi ni Stein walang hangin dito.

Sabi ni De Kooning walang pintuan.

Ngunit anong lawak ng
mapahihingahan
sa makitid na kuwadro.

Kung manikip man ang dibdib
o tila maubusan ng hininga
sa pagtunghay

walang ibang sumasakal
kundi ang sariling damdamin.

Isla Kapung-Awan

Sa Isla Kapung-awan, tuyo na ang mga balon. Malaon nang hindi umuulan. Tigang na ang mga taniman. Upang makainom, kailangan nilang umiyak. Pumipikit sila at iniisip na lumisan sila sa Isla Kapung-awan. Nagpakalayo-layo. Tila may malalim na balon sa kanilang kalooban na hindi natutuyo. Ngunit pagdilal nila, wala silang natatanaw kundi ang lawak ng dagat. Walang kabila. Kailangan nilang lumuha upang walang mauhaw.

Ang Kamatayan ni Bella Flores

(alinsunod kay Michael Fried)

Ngayong pagtatakipsilim, katulad ng mga nagdaang huling mga araw ng tag-init, naglalabasan mula sa mga bitak at guwang sa kasuluk-sulukan ng bahay ang hindi mabilang na gamugamo. Walang nakaaalam sa dahilan ng kanilang pagmamadali. Binubulabog at pinalalabog nila ang mga ilaw, paikot-ikot, tila hibang sa daloy ng liwanag. Nauubos ang ating pasensiya, tila hindi sila nauubos. Nararamdaman natin ang kanilang mumunting paa, nanunulay sa kiliti, nanunuot sa mga butas ng katawan, nasusumpungan sa kanin at sabaw. Napipilitan tayong isara ang ilaw. Wala silang naiiwang bakas sa muling pagliwanag kundi ang kanilang mga pakpak. Tila bigat na kinailangang malagas, kay hirap walisin dahil sa kagaanan. Saan nga ba sila tumutungo? Kailangan ng rahan, kailangan ng sapat na layo, upang matipon sa mga palad ang mumunting karikitan na alay nila sa mundong ibabaw.



*creative
nonfiction*

